Australia's Disability Strategy 2021–2031

Creating an inclusive community together

# Buod ng Istratehiya sa Kapansanan ng Australya

## 2021 – 2031

Filipino

DSS2691_Dec2021



Australia's Disability Strategy 2021–2031

Creating an inclusive community together

Bud ng

# Istratehiya sa Kapansanan ng Australya

2021 – 2031



This document, *Summary of Australia's Disability Strategy 2021-2031*, is licensed under the Creative Commons Attribution 4.0 International Licence, with the exception of:

- The *Australia's Disability Strategy 2021-2031* logo and branding
- Any third-party material
- All images and/or photographs.

More information on this CC By licence is set out at the Creative Commons website:
https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode

**Attribution**
Use of all or part of this document must include the following attribution:
© Commonwealth of Australia (Department of Social Services) 2021

Enquiries about copyright arrangements and any use of this information can be sent to the Department of Social Services:

By email:
copyright@dss.gov.au

By post:
Communications and Media
Department of Social Services
GPO Box 9820
Canberra ACT 2601

# Mga Nilalaman


**Paunang Salita** . . . . . . . . . . 1

**Pananaw at Layunin** . . . . . . . . . . 2

**Mga Kalalabasang Bahagi** . . . . . . . . . . 3

Pagtatrabaho at Pinansyal na Seguridad . . . . . . . . . . 3
Inklusibong mga Bahay at Komunidad . . . . . . . . . . 3
Kaligtasan, mga Karapatan at Katarungan . . . . . . . . . . 4
Suportang Personal at Pangkomunidad . . . . . . . . . . 5
Edukasyon at Pagkatuto . . . . . . . . . . 6
Kalusugan at Kagalingan . . . . . . . . . . 6
Mga Saloobin ng Komunidad . . . . . . . . . . 7

**Pagpapatupad—Paghahatid sa Mga Kalalabasang Bahagi** . . . . . . . . . . 8

Ang Intersectionality (Pagkakaugna-ugnayan) at Pagkakaiba-iba . . . . . . . . . . 8
Mga Tungkulin at Responsibilidad . . . . . . . . . . 9
Mga Prinsipyong Pamatnubay . . . . . . . . . . 10
Tinarget na mga Plano ng Aksyon . . . . . . . . . . 10
Mga Kaugnay na Plano . . . . . . . . . . 11
Balangkas ng mga Kalalabasan . . . . . . . . . . 11
Pagpapabuti ng mga Datos . . . . . . . . . . 12
Pag-uulat sa ilalim ng Istratehiya . . . . . . . . . . 12
Pagtasa ng ating ginagawa . . . . . . . . . . 12
Pagbuo ng Batayang Ebidensya . . . . . . . . . . 12
Ang Modelo ng Pamamahala . . . . . . . . . . 13
Pakikipag-ugnayan sa mga Taong may Kapansanan . . . . . . . . . . 13
Ang Mapa ng Istratehiya . . . . . . . . . . 13
Ang website ng Istratehiya . . . . . . . . . . 13
Pagbuo ng Istratehiya . . . . . . . . . . 13
Tungkulin ng Australian Human Rights Commission at Adbokasya . . . . . . . . . . 13



# Paunang Salita

## *Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021–2031*

**Nananawagan ang *Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021–2031* sa lahat ng mga Australyano na tiyaking ang mga taong may kapansanan ay maaaring lumahok bilang kapantay na mga miyembro ng lipunan.**

Sa pinakaubod nito ay isang pangako na lumikha ng isang inklusibong komunidad.

Ang Istratehiya ay nagbibigay-tinig sa ating mga pambansang minimithi upang idambana at dakilain ang mga huwaran ng paggalang, pagsasali, at pagkakapantay-pantay. Ito ang dahilan kung bakit ang lahat ng mga pamahalaan – Australya, estado, teritoryo at lokal – ay nakatuon sa paghahatid ng kanilang mga prinsipyo.

Mahigit sa isa sa anim na Australyano ay may kapansanan. Mahigit sa isa sa anim na mga tao na nakikibahagi ng ating mga tahanan at lugar ng trabaho, ating mga kalsada at lungsod, ating mga buhay at puso. Sila ay ating mga kapatid, magulang at anak, kasamahan at katrabaho, partner at kaibigan.

Ang ating responsibilidad bilang mga pamahalaan, pinuno at mamamayan ay bumuo ng isang lipunan kung saan ang mga taong may kapansanan ay maaaring makilahok bilang kapantay na miyembro na may patas na oportunidad upang makamit ang kanilang lubos na kakayanan.

Ang tagumpay ng Istratehiyang ito ay nakasalalay sa pagtugon ng kabuuang komunidad, pagsali ng mga negosyo, mga sektor ng mga serbisyong di-pampamahalaan at mga indibidwal. Sa pamamagitan lamang ng pagtutulungan maaari nating matiyak na lahat ng mga aspeto ng pamumuhay sa Australya ay inklusibo at maaabot.

Ang mga matutuklasan ng Royal Commission sa Karahasan, Pang-aabuso, Pagpapabaya at Pagsasamantala sa mga Taong may Kapansanan ay magsusulong nang higit pa sa patuloy na pagbuo ng Istratehiya bilang isang modelo ng lipunang inklusibo at makatarungan.

Kinikilala at iginagalang ng Istratehiya ang pagkakaiba-iba ng mga taong may kapansanan. Kinikilala nito ang kahalagahan ng pag-akma ng mga aksyon na isinasaalang-alang ang pagkakaiba-ibang ito.

Sa pamamagitan ng malawak na mga konsultasyon at pakikipag-ugnayan, ang mga taong may kapansanan at ang sektor ng kapansanan ay nagbahagi ng kanilang mga karanasan at mapagkaloob na nagbigay ng kanilang panahon upang matiyak na ang bagong Istratehiya ay praktikal, mahusay at nakatuon.

Ang mas matatag na pagtuon sa polisiya tungkol sa pabahay, kaligtasan, pagtatrabaho at mga saloobin ng komunidad ay direktang resulta ng mga sinabi ng mga taong may kapansanan na mahalaga sa kanila.

Higit sa lahat, ang Istratehiya ay nakatuon sa magkakaugnay na mga kalalabasang bahagi na may makikita, makakamit na mga prayoridad ng polisiya. Ang istriktong pagsukat, pagtasa at pag-uulat ng mga kalalabasan ay nakapaloob.

Ang Istratehiya ay sumusunod sa mahalagang trabahong nagawa ng Pambansang Istratehiya sa Kapansanan 2010–2020 upang magtatag ng isang pambansang pamamaraan sa pagpapabuti ng buhay ng mga taong may kapansanan. Ang Sistema ng Pambansang Seguro sa Kapansanan ay ang napakagaling na nakamit ng prosesong ito.

Ang bagong Istratehiya ay isang mamithiing mapa na nagtuturo sa pasulong na daan. Kumakatawan ito sa ating pambansang pangako na tulungan ang bawat Australyano na lubusin ang kanyang kakayanan, upang magtagumpay, magkaroon ng patas na pagkakataon at magkaroon ng tunay na mga mapagpipilian.

Sa *Istratehiya sa Kapanasanan ng Australya 2021–2031*, pinagtitibay namin ang kahalagahan ng paggalang, pagsali at pagkakapantay-pantay at nagbibigay-suporta sa mga ito bilang batayan ng ating pambansang identidad.

# Pananaw at Layunin

***Ang Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031,* ang Istratehiya) ay ang pambansang balangkas ng polisiya sa kapansanan ng Australya. Nagtatakda ito ng plano para sa patuloy na pagpapabuti ng buhay ng mga taong may kapansanan sa Australya sa susunod na sampung taon.**

## Pananaw

Ang pananaw ng Istratehiya ay para sa **isang inklusibong lipunan sa Australya na tumitiyak na ang mga taong may kapansanan ay maaaring makamit ang kanilang lubos na kakayanan, bilang kapantay na mga miyembro ng komunidad.**

Alinsunod sa mga pangako ng Australya sa ilalim ng United Nations Convention on the Rights of Persons with Disabilities (UN CRPD), ang Istratehiyang ito ay gaganap ng mahalagang tungkulin sa pagprotekta, pagtaguyod at pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao ng mga taong may kapansanan.

## Layunin

Ang layunin ng Istratehiyang ito ay upang:

- magbigay ng pambansang pamumuno tungo sa mas malaking pagsasali ng mga taong may kapansanan
- gabayan ang mga aktibidad sa lahat ng mga bahagi ng pampublikong polisiya upang maging inklusibo at matugunin sa mga taong may kapansanan
- magtulak sa mga panlahat na serbisyo at sistema na pagbutihin ang mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan
- makipag-ugnayan, magpabatid at magsali ng buong komunidad sa pagkamit ng mas inklusibong lipunan.

# Mga Kalalabasang Bahagi

**Ang Mga Kalalabasang Bahagi sa Istratehiya ay magtatakda kung saan dapat magtuon ang mga pamahalaan sa lahat ng antas, na nakikipagtulungan sa komunidad at negosyo, sa pagtulak ng mga pagpapabuti para sa mga taong may kapansanan.**

## Pagtatrabaho at Pinansyal na Seguridad

**Kalalabasan: Ang mga taong may kapansanan ay may pangkabuhayang seguridad, upang sila ay makapagplano para sa hinaharap at makagawa ng pasya at kontrol sa kanilang buhay**

*Ang pagtatrabaho at pinansyal na seguridad ay nasa sentro ng pagpapabuti ng mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan. Kabilang dito ang pagbibigay ng mga trabaho at mga oportunidad sa karera, at pagkakaroon ng sapat na kita para sa mga tao upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Damihan ang pagtatrabaho ng mga taong may kapansanan.
2. Pabutihin ang paglipat ng mga kabataang may kapansanan mula sa pag-aaral tungo sa pagtatrabaho.
3. Patatagin ang pinansyal na independensya ng mga taong may kapansanan.

## Inklusibong mga Bahay at Komunidad

**Kalalabasan: Ang mga taong may kapansanan ay naninirahan sa inklusibo, naaabot at may mahusay na disenyong mga bahay at komunidad**

*Ang pagkakaroon ng angkop na pabahay at komunidad na naaabot at inklusibo ay nasa ubod kung paano ang mga taong may kapansanan ay namumuhay, nagtatrabaho at nakikisalamuha.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Damihan ang makukuhang pabahay na abot-kayang bayaran.
2. Ang pabahay ay naaabot at ang mga taong may kapansanan ay magagawang magpasya at pamahalaan kung saan sila titira, sino ang makakasambahay nila, at sino ang makakapunta sa kanilang bahay.
3. Ang mga taong may kapansanan ay makakayang lumahok nang lubos sa buhay panlipunan, panlibangan, pang-isport, panrelihiyon at pangkultura.
4. Ang itinayo at likas na kapaligiran ay naaabot.
5. Ang mga sistema ng transportasyon ay magagamit ng buong komunidad.
6. Ang mga sistema ng impormasyon at komunikasyon ay makukuha, maaasahan at matugunin.

# Kaligtasan, mga Karapatan at Katarungan

## Kalalabasan: Ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan ay itataguyod, pagtitibayin at poprotektahan, at dama ng mga taong may kapansanan na sila ay ligtas at nagtatamasa ng pagkakapantay-pantay sa batas

*Ang mga taong may kapansanan ay may kaparehong mga karapatan sa mga taong walang kapansanan. Ang pagtanggap ng komunidad sa mga karapatang ito ay mahalaga upang palakihin ang paglahok sa ekonomiya, pagsali sa lipunan, kaligtasan at pagkakapantay-pantay.* Ang Disability Discrimination Act ng Australya 1992 (DDA) *ay ginawang labag sa batas ang diskriminasyong batay sa kapansanan. Sa kabila nito, ang mga taong may kapansanan ay patuloy na dumaranas ng diskriminasyon sa kanilang pang-araw-araw na buhay.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Ang mga taong may kapansanan ay ligtas at damang sila ay ligtas laban sa karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala.
2. Ang mga polisiya, proseso at programa ay nagbibigay ng mas mabuting pagtugon sa mga taong may kapansanan na dumanas ng trauma.
3. Ang mga polisiya, proseso at programa para sa mga taong may kapansanan ay nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at humahadlang sa karahasan sa mga grupo na may malaking panganib, kabilang ang mga kababaihan at ang kanilang mga anak.
4. Ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan ay itinataguyod, pinapagtibay at pinoprotektahan.
5. Ang mga taong may kapansanan ay may patas na pag-abot sa katarungan.
6. Ang sistema ng katarungang pang-krimen ay tumutugon nang mahusay sa kumplikadong mga pangangailangan at kahinaan ng mga taong may kapansanan.



## Suportang Personal at Pangkomunidad

### Kalalabasan: Ang mga taong may kapansanan ay makakakuha ng isang hanay ng mga suporta upang tulungan silang mamuhay nang independiyente at makipag-ugnayan sa kanilang mga komunidad

*Ang mga suportang personal at pangkomunidad kabilang ang mga espesyalitang suporta at panlahat na mga serbisyo na nakukuha ng pangkalahatang publiko, ay mahalaga sa pagpapabuti ng pangkalahatang mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Ang mga taong may kapansanan ay makakakuha ng mga suportang tumutugon sa kanilang mga pangangailangan.
2. Ang Sistema ng Pambansang Seguro sa Kapansanan ay nagbibigay sa marapat na mga tao na may permanente at malaking kapansanan ng pag-abot sa makatwiran at kailangang mga suportang pangkapansanan.
3. Ang tungkulin ng di-pormal na suporta ay kinikilala at sinusuportahan.
4. Ang mga taong may kapansanan ay sinusuportahan upang makagamit ng pantulong na teknolohiya (assistive technology).



# Edukasyon at Pagkatuto

## Kalalabasan: Makakamit ng mga taong may kapansanan ang lubos nilang kakayanan sa pamamagitan ng edukasyon at pagkatuto

*Ang pag-abot sa pormal at di-pormal na edukasyon ay magiging landas tungo sa pagtatrabaho, pinansyal na independensya, at masaganang pamumuhay. Ang mas malaking suporta upang ihanda ang mga batang may kapansanan para sa pagpasok sa paaralan, at makipagtulungan sa mga kabataang may kapansanan sa buong panahon ng kanilang pag-aaral ay kailangan upang mapabuti ang pagkamit ng mga kwalipikasyong sekundarya at pang-pamantasan.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Ang mga batang may kapansanan ay maaaring um-access at lumahok sa mataas na kalidad na edukasyon ng maagang pagkabata (early childhood education) at pangangalaga.
2. Bumuo ng kakayahan sa paghahatid ng inklusibong edukasyon upang mapabuti ang mga kalalabasang pang-edukasyon para sa mga estudyanteng may kapansanan sa paaralan.
3. Pabutihin ang mga landasin at pag-access sa karagdagang edukasyon at pagsasanay para sa mga taong may kapansanan.
4. Ang mga taong may kapansanan ay may mas maraming oportunidad sa paglahok sa maaabot at inklusibong panghabang-buhay na pagkatuto.

# Kalusugan at Kagalingan

## Kalalabasan: Makakamit ng mga taong may kapansanan ang maaaring pinakamagaling na kalalabasan sa kalusugan at kagalingan sa buong buhay nila

*Ang mabuting kalusugan at kagalingan, kabilang ang kalusugang pangkaisipan, ay mahalagang mga pantiyak ng kalidad ng buhay ng isang tao. Ito ang kaso lalo na para sa mga taong may kapansanan. Kailangan ng mas malaking suporta upang itaas ang kalusugan at kagalingan ng mga taong may kapansanan, kabilang ang bago mangyari, habang nangyayari at matapos mangyari ang mga kapahamakan at pampublikong emerhensya.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Lahat ng mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan ay may kakayahang tumugon sa mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan.
2. Ang mga serbisyong pangkalusugan sa paghadlang at maagang pamamagitan ay nasa oras, malawakan, angkop at mabisa upang suportahan ang mas mabuting pangkalahatang kalusugan at kagalingan.
3. Ang mga suporta sa kalusugang pangkaisipan at mga serbisyo ay angkop, mahusay at maaabot ng mga taong may kapansanan.
4. Ang paghahanda laban sa kapahamakan, mga plano sa pamamahala ng panganib at mga pagtugon sa pampublikong emerhensya ay inklusibo sa mga taong may kapansanan, at sumusuporta sa kanilang kalusugang pisikal at pangkaisipan, at kagalingan.

# Mga Saloobin ng Komunidad

## Kalalabasan: Ang mga saloobin ng komunidad ay sumusuporta sa pagkakapantay-pantay, pagsasali at paglahok sa lipunan ng mga taong may kapansanan

*Ang pagbuo ng positibong mga saloobin ng komunidad para sa mga taong may kapansanan ay sentro sa pagkakaroon ng inklusibong lipunan at nagpapabuti sa lahat ng mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan. Ang pagharap sa batik sa karangalan (stigma), paniniwala tungkol sa mga tao (unconscious bias) at kawalan ng pag-unawa sa kapansanan ay mag-aambag sa positibong mga karanasan sa araw-araw at ang pagkilala sa kontribusyon sa lipunan ng mga taong may kapansanan.*

### Mga Prayoridad ng Polisiya

1. Pinahahalagahan ng mga tagapag-empleyo ang ginagawang kontribusyon ng mga taong may kapansanan sa lakas-manggagawa, at kinikilala ang mga pakinabang sa pag-empleyo ng mga taong may kapansanan.
2. Ang mahalagang propesyonal na mga lakas-manggagawa ay kayang tumugon nang may tiwala at positibo sa mga taong may kapansanan.
3. Tumaas na representasyon ng mga taong may kapansanan sa mga tungkuling pang-pamunuan.
4. Pagpapabuti ng mga saloobin ng komunidad upang umapekto nang positibo sa Mga Prayoridad ng Polisiya sa ilalim ng Istratehiya.



# Pagpapatupad— Paghahatid sa Mga Kalalabasang Bahagi

**Ang mga pamahalaan ay nangangakong makikipagtulungan kaagapay ng mga taong may kapansanan, komunidad, negosyo, at sektor na di-pampamahalaan, upang ipatupad ang Istratehiyang ito at isakatuparan ang pananaw nito, sa isang may koordinasyon at tinarget na paraan upang makapaghatid ng tunay na pagbabago. Kabilang dito ang pagtiyak na sa buong panahon ng Istratehiya, ang disenyo at pagpapatupad nito ay tutugon sa nagbabagong mga pangangailangan.**

## Ang Intersectionality (Pagkakaugna-ugnayan) at Pagkakaiba-iba

Kinikilala ng intersectionality na ang isang tao o grupo ng mga tao ay maaaring maapektuhan ng maraming anyo ng diskriminasyon at disbentahe dahil sa kanilang lahi, kasarian, identidad ng kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan, katayuan sa lipunan at kabuhayan (class), relihiyon, edad, lipunang pinagmulan, at iba pang palatandaan ng identidad. Sa buong panahon ng Istratehiya, ang aksyon na isasagawa upang maghatid ng mga Prayoridad ng Polisiya ay ipapatupad gamit ang pananaw na intersectional at pagkakaiba-iba. Titiyakin nito na ang intersectional na diskriminasyon ay aktibong haharapin at ang mga grupo na may naiibang opinyon ay makakagamit ng inakmang mga mapagkukunan, serbisyo at suporta.

## Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga pamahalaang Australya, estado, teritoryo at lokal, kasama ng mga negosyo, komunidad at sektor na di-pampamahalaan, lahat sila ay gumaganap ng tungkulin sa pagsali at pagsuporta sa mga taong may kapansanan.

Lahat ng mga antas ng pamahalaan ay patuloy na gaganap sa tungkulin na pagbibigay ng panlahat at tinarget na mga serbisyo, suporta at mga sistema ng imprastraktura sa mga taong may kapansanan. Ang paglilista ng mga pangunahing tungkulin at responsibilidad ng pamahalaan ay tutulong sa lahat na maunawaan kung aling antas ng pamahalaan ang responsable para sa mga sistema na maaaring gamitin ng mga taong may kapansanan.

Sa maraming mga kaso, mahigit sa isang antas ng pamahalaan ang may ilang responsibilidad para sa sistema ng serbisyo o suporta. Gayunpaman, sa karamihan sa mga kaso, isang antas ng pamahalaan ang may pangunahing responsibilidad para sa paghahatid ng isang sistema. Ang listahan sa ibaba ay nagbibigay ng ilang halimbawa:

| Pamahalaang Australya | Mga pamahalaang estado at teritoryo | Mga lokal na pamahalaan | Magkasalong responsibilidad |
|---|---|---|---|
| NDIS* (administrasyon) | Mga pampublikong ospital | Mga gusaling madaling ma-access | NDIS* (pagpopondo at magkasalong pamamahala<br><br>Mga suporta sa kalusugang pangkaisipan |
| Mga kabayarang pangsuporta sa kita | Pabahay na pampubliko, panlipunan at pangkomunidad | Mga serbisyo ng munisipalidad | Mga serbisyong pang-adbokasya sa kapansanan |
| Mga serbisyo sa pagtatrabaho | Pampublikong mga paaralang elementarya at sekundarya | Mga lokal na parke at panlibangang pasilidad | Mga imprastraktura sa komunidad |

Ang paglalarawan ng pangunahing mga tungkulin at responsibilidad ng pamahalaan ay makukuha sa website ng Istratehiya. Ang mga tao na walang magagamit na internet ay maaaring makipag-ugnay sa National Disability Information Gateway telephone helpline sa 1800 643 787.

* Ang NDIS (National Disability Insurance Scheme - Sistema ng Pambansang Seguro sa Kapansanan) ay isang pambansang sistema na pinamamahalaan at pinopondohan ng mga pamahalaang Australya, estado at teritoryo. Ang paghahatid ng NDIS ay responsibilidad ng Pambansang Ahensya ng Seguro sa Kapansanan (National Disability Insurance Agency), isang Commonwealth Corporate Entity.



## Mga Prinsipyong Pamatnubay

Upang makamit ang pananaw ng Istratehiya, ang mga pamahalaan ay nakatuon sa pagbuo at pagpapatupad ng mga polisiya, programa, serbisyo at sistema na sasalamin sa mga prinsipyo ng mga karapatang pantao ng UN CRPD.

Kaya, ang sumusunod na Mga Prinsipyong Pamatnubay ay ibinatay sa Artikulo 3 ng UN CRPD. Sumang-ayon ang mga pamahalaan na gamitin ang Mga Prinsipyong Pamatnubay kapag bumubuo ng mga polisiya, programa, serbisyo at sistema. Mahalaga na ang negosyo, ang sektor na di-pampamahalaan at ang mas malawak na komunidad ay magsasaalang-alang din kung paano nila ilalapat ang mga prinsipyong ito.

| | |
|---|---|
| Prinsipyo 1 | **Paggalang sa likas na dignidad, independensya ng indibidwal kabilang ang kalayaang gumawa ng sariling pagpapasya, at kalayaan ng mga tao** |
| Prinsipyo 2 | **Walang-diskriminasyon** |
| Prinsipyo 3 | **Lubos at epektibong paglahok at pagsali sa lipunan** |
| Prinsipyo 4 | **Paggalang sa pagkakaiba-iba at pagtanggap ng mga taong may kapansanan bilang bahagi ng pagkakaiba ng mga tao at ng sangkatauhan** |
| Prinsipyo 5 | **Pagkakapantay-pantay ng oportunidad** |
| Prinsipyo 6 | **Madaling ma-access** |
| Prinsipyo 7 | **Pagkakapantay-pantay ng mga tao** |
| Prinsipyo 8 | **Paggalang sa unti-unting pagbuo ng mga kakayahan ng mga batang may kapansanan at paggalang sa karapatan ng mga batang may kapansanan na magpanatili ng kanilang identidad** |

## Tinarget na mga Plano ng Aksyon

Ang Tinarget na mga Plano ng Aksyon ay maglalapat ng intensibong pagtuon sa isa hanggang tatlong taon upang makamit ang partikular na mga ihahatid na magpapabuti sa mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan.

Ang unang limang Tinarget na mga Plano ng Aksyon ay nakatuon sa pagtatrabaho, mga saloobin ng komunidad, maagang pagkabata, kaligtasan at pamamahala sa emerhensya.

Ang Bagong Tinarget na mga Plano ng Aksyon ay bibigyang-kaalaman sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan.

# Mga Kaugnay na Plano

Ang Mga Kaugnay na Plano ay nagbibigay ng mas may koordinasyon at pangmatagalang pamamaraan kung paano kikilos ang mga pamahalaan upang mapabuti ang mga kalalabasan para sa mga taong may kapansanan. Malinaw na tutukuyin ng lahat ng Mga Kaugnay na Plano kung paano sila aambag sa pagkamit ng mga kalalabasan ng Istratehiya at ang mga ito ay ilalathala sa website ng Istratehiya.

Ang Mga Kaugnay na Plano ay nakatuon sa pagpapabuti ng mga aspeto ng pamumuhay ng Australyano (hal. ang sektor ng sining) o para sa isang partikular na bahagi ng komunidad (hal. mga tao na may kapansanang pangkaisipan), at karaniwang papatakbuhin sa tatlo hanggang sampung taon.

Isasali sa Mga Kaugnay na Plano ang tatak ng Istratehiya gaya ng nakasaad sa ibaba.

Ang mga negosyo at pangkomunidad na organisasyon na nais magpakita ng kanilang pagtuon sa Istratehiya ay maaaring gumamit ng mga logo sa ibaba.

# Balangkas ng mga Kalalabasan

Sinusubaybayan ng Balangkas ng mga Kalalabasan ang mga pagbabago na nangyayari sa paglipas ng panahon para sa mga taong may kapansanan at tutulong magtulak ng aksyon sa pamamagitan ng pagpapakita kung bumubuti ang mga kalalabasan. Kabilang dito ang pagsukat sa mga kontribusyong ginagawa ng pangunahing mga larangan gaya ng pangkalusugang pangangalaga, edukasyon, pagtatrabaho at pabahay.

Ang taunang mga ulat at dashboard ng Balangkas ng mga Kalalabasan ay magpapakita kung anong progreso ang nagagawa sa bawat Prayoridad na Polisiya na nakasaad sa Istratehiya. Kung makukuha, ang mga datos ay paghihiwa-hiwalayin. Sa pagbuti ng mga datos, ang Balangkas ng mga Kalalabasan ay isasapanahon.

Ang Balangkas ng mga Kalalabasan ay makukuha sa website ng Istratehiya.

## Pagpapabuti ng mga Datos

Ang mga pamahalaan ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa isa't isa at pagbabahagi ng mga datos upang suportahan ang mga pagbabagong batay sa ebidensya. Ang pagpapabuti ng mga datos ay susuporta sa Balangkas ng mga Kalalabasan, mga pagtasa at pagbuo ng polisiya.
Isang malawakang istratehiya sa mga datos ang bubuuin sa 2022.

## Pag-uulat sa ilalim ng Istratehiya

Lahat ng mga pamahalaan ay nakatuong maghatid ng malawak at makikitang pag-uulat upang mapagbuti ang pananagot sa ilalim ng Istratehiya.

Ang pag-uulat sa ilalim ng Istratehiya ay magdadagdag sa pag-uulat ng mga plano sa kapansanan sa ilalim ng mga pamahalaang estado, teritoryo at lokal.

Ang sumusunod na mga ulat ay gagawin:

- **Ulat ng Tinarget na mga Plano ng Aksyon** –Ang taunang ulat na ito ay sasaklaw sa progreso, mga tagumpay at pangkalahatang katayuan ng pagpapatupad. Ito ay pangangasiwaan ng Pamahalaang Australya.
- **Balangkas ng mga Kalalabasan (Dashboard)** – Ang taunang pag-update na ito ay magtatampok ng may mataas na antas ng mga datos laban sa mga kalalabasan ng Istratehiya. Ito ay ihahanda ng isang ikatlong partido na espesyalista sa mga datos.
- **Ulat ng Pagpapatupad** – Ang ulat na ito ay gagawin tuwing ikalawang taon at kabibilangan ng progreso laban sa mga inisyatibang pangkapansanan sa lahat ng mga antas ng pamahalaan. Kabibilangan ito ng mga pakikipag-konsultasyon sa mga taong may kapansanan, sa Australian Human Rights Commission, at sa malawakang komunidad.
- **Mga Ulat sa Pagtasa** – Ang dalawang Mahalagang Ulat sa Pagtasa ay gagawin sa 2025 at 2029. Ang mga ulat ay sasalalay sa isang independiyenteng pagrepaso kung gaano kahusay naghahatid ang Istratehiya ng mga pagpapabuti para sa mga taong may kapansanan. Ang mga taong may kapansanan, ang Australian Human Rights Commission, at pangunahing mga interesadong partido ay kokonsultahin kapag naghahanda ng ulat bago ito ibigay sa mga pamahalaan para pagtibayin.

## Pagtasa ng ating ginagawa

Ang mga pagtasa ng polisiya, programa at sistema ay mahalaga upang maunawaan kung ano ang gumagana nang mahusay o nangangailangan ng pagpapabuti para sa mga taong may kapansanan. Maipapakita ng mga pagtasa kung paano umaambag ang mga polisiya, serbisyo at programa sa mga kalalabasan sa ilalim ng Istratehiya.

Ang mga pamahalaan ay maglilista para sa publiko ng mga nakaplanong pagtasa, maglalathala ng mga resulta ng pagtasa, at isasangguni ang mga ito sa Checklist ng Istratehiya tungkol sa Gabay sa Mabuting Gawi sa Pagtasa kapag nagsasagawa ng mga pagtasa.

Sa katapusan ng 2022, isang gabay kung paano isasangkot ang mga taong may kapansanan sa pagtatasa ay bubuuin ng mga pamahalaang nakikipagtulungan sa mga taong may kapansanan.

## Pagbuo ng Batayang Ebidensya

Ang pagbuo ng batayang ebidensya ay mahalagang bahagi ng Istratehiya. Susuporta ang Istratehiya sa pananaliksik sa kapansanan at sa pagsasalin ng mga resulta sa aksyon na susuporta sa mga kalalabasan ng Istratehiya.

Ang Pambansang Partnership sa Pananaliksik ng Kapansanan (National Disability Research Partnership, ang Partnership) ay tutulong sa pagbuo ng batayang ebidensya. Itataguyod ng Partnership ang paggamit ng polisiya at gawi na batay sa ebidensya. Ang Partnership ay tutuon sa kapansanan at panlahat na mga serbisyo kabilang ang edukasyon, kalusugan, pabahay at katarungan, at gagawing madali ang pananaliksik.

## Ang Modelo ng Pamamahala

Ang Modelo ng Pamamahala ay tutulong sa mga pamahalaan na magtulungan sa isang paraang may koordinasyon upang makamit ang mga layunin ng Istratehiya. Kabilang dito ang pagtukoy at pagbibigay-prayoridad kung saan dapat gawin ang mga aksyon at ito ay gagabay kung paano mag-uulat ang mga pamahalaan tungkol sa nagawang progreso upang mapabuti ang buhay ng mga taong may kapansanan.
Ang Modelo ng Pamamahala ay makukuha sa website ng Istratehiya.

## Pakikipag-ugnayan sa mga Taong may Kapansanan

Ang mga taong may kapansanan ay gaganap ng nakasentro at aktibong tungkulin sa buong panahon ng Istratehiya.

Ang Plano ng Pakikipag-ugnayan ng Istratehiya ay nakalathala sa website ng Istratehiya. Inilalarawan nito ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan sa buong panahon ng Istratehiya upang pagbatayan ng pagpapatupad nito, pagmonitor, pag-uulat, at ang direksyon ng polisiya sa hinaharap.

## Ang Mapa ng Istratehiya

Ang isang simpleng pangkalahatang pagtunghay sa pangunahing mga ihahatid na binubuo sa ilalim ng Istratehiya ay inilathala sa Mapa ng Istratehiya sa website ng Istratehiya. Ipinapakita nito kapag panahon na para sa pag-uulat, at kapag may gaganaping mga konsultasyon at iba pang mahalagang mga aktibidad.

## Ang website ng Istratehiya

Lahat ng mga dokumento ng Istratehiya ay makukuha sa inilaang website ng Istratehiya, kabilang ang pinakabagong mga ulat at patalastas.  Ang website ng Istratehiya ay nasa www.disabilitygateway.gov.au/ads.

## Pagbuo ng Istratehiya

Ang mga tinig ng mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya, kaibigan, tagapag-alaga, organisasyong pang-adbokasya, mga lupong kumakatawan sa iba pang mga grupo (peak bodies), at mga tagapagbigay ng serbisyo ay sentro sa pagbuo ng Istratehiya.

Ang mga konsultasyon tungkol sa Istratehiya ay dinisenyo at inihatid ng mga taong may kapansanan. Ang mga konsultasyon ay inialok sa iba't ibang mga paraan para makalahok ang mga taong may kapansanan. Ang mga konsultasyon ay nakatuon din sa direktang pakikipag-ugnayan sa mga tao na hindi karaniwang lumalahok nang maramihan sa mga proseso ng pampublikong konsultasyon.

## Tungkulin ng Australian Human Rights Commission at Adbokasya

Ang Australian Human Rights Commission ay may ginagampanang mahalagang tungkulin sa pagtataguyod at pagprotekta sa mga karapatan ng mga taong may kapansanan. Ang adbokasya sa kapansanan ay sumusuporta rin sa mga taong may kapansanan upang pangalagaan ang kanilang mga karapatan, makaranas ng pagkakapantay-pantay at matanggal ang mga balakid na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang lumahok sa komunidad.